Mga Impeksyon

Wasting

Ano ang “Wasting”?

- Ang Wasting na tinatawag ay ang di-maipaliwanag na pagbaba ng timbang ng 10% o mahigit pa batay sa iyong karaniwang timbang.
- Ang “Wasting” ay masasabi ring chronic diarrhea na humihigit sa isang buwan, malubhang panghihina na may kasamang lagnat na tumatagal ng higit rin sa isang buwan.

Ano ang sanhi ng “Wasting”?

- Maraming aspeto ang pinagmumulan ng “Wasting”, ang ginagalawan, mararamdamang emosyon o pisikal, at kalagayang pinansyal.
- Ang hindi pagkain nang maayos at sapat (malnutrition), at hindi tamang pagtiim ng sustansya sa pagkain (malabsorption) ay maaaring pagmulan ng “Wasting”.
- Ang malnutrition ay maaaring dahil sa:
  - Kakulangan ng perang pambili ng pagkain.
  - Kawalan ng gana sa pagkain dahil sa depression, sakit o side effects ng mga gamot.
  - Kahirapan sa pagnguya o paglulon ng pagkain dahil sa impeksyon sa gilagid, ngipin, at iba pang mga sugat sa bibig.
  - Pagduduwal at pagsusuka.
  - Mabilis na pagkabusog sa kaunting pagkain na nangyayari dahil sa hindi maayos na pagtunaw ng tiyan sa pagkain.
- Ang malabsorption ay maaaring sanhi ng:
  - Impeksyon sa tiyan o sa bituka na nagiging dahilan ng pagkawala ng kakayahan sa pagtunaw ng pagkain.
  - Pagtatae.

Anu-ano ang mga sintomas ng “Wasting”?

- Pagbaba ng timbang nang higit sa 10%.
- Kawalan ng gana sa pagkain.
- Pagduduwal at pagsusuka.
- Pagtatae.
- Mga sugat sa bibig o suliranin sa paglulon ng pagkain.

Paano maiiwasan ang “Wasting”?

- Mainam na nutrisyon: Sumangguni sa dietitian o nutritionist upang mapayuhan ka kung anong uri ng pagkain ang nababagay sa kalagayan ng iyong katawan.
- Uminom ng mga vitamins o nutritional supplements.
- Ang pag-e-ehersisyo ay makatutulong sa pagpapalakas ng mga kalamnan at mapipigalan ang pagbaba ng body mass.

- Sumangguni sa doktor o sa dentista kung nakakaranas ng mga sintomas na umaapekto sa pagkain o paglulon. Alamin ang dahilan ng iyong mga suliranin at nang masimulan kang gamutin nang maaga.

Paano ginagamot ang "Wasting"?

- Ang lunas ay dapat ibatay sa sanhi ng sintomas. Maraming iba't-ibang kombinasyon ang kailangang gawin upang malutas ang suliranin.
- Ang mga ulcers at impeksyon sa gilagid ay maaaring gamutin ng Thalidomide.
- Ang thrush ay maaaring gamutin ng Ketoconazole, Fluconazole or Itraconazole.
- Ang pagtatae ay maaaring gamutin ng Imodium, Lomotil o Somatostatin. Nagagamot rin nito ang mga impeksyon sa bituka na nagiging sanhi ng pagtatae.
- Ang kawalan ng gana sa pagkain ay malulutas sa pamamagitan ng Megace o Marinol.
- Ang timbang ay maaaring pataasin ng mga gamot tulad ng anabolic steroids o human growth hormone.
- Ang mga pasyenteng may malubhang kaso ng "Wasting" ay maaaring pakainin sa pamamagitan ng tubo na nakakabit sa sikmura o itinutusok sa ugat. Depende sa kalagayan niya, ito ay maaaring panandalian lamang o pangmatagalan.

Copyright @ACAS 2001. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese, Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN). Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: info@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.